fraserhealth

Tagalog

# Kami ay baby-friendly! We are baby-friendly!



**Nalalaman namin na maraming isinasaalang-alang ang mga pamilya kapag nagpapasiya sila kung paano i-feed ang kanilang mga sanggol.**

**Ang aming mga layunin:**

- **Ang mabigyan ang mga pamilya ng lahat ng facts na kailangan nila para makapili sila nang mainam hinggil sa pag-feed at pag-alaga sa kanilang mga sanggol.**
- **Na maramdaman ng mga pamilya na ang kanilang mga choice sa feeding ay sinusuportahan at nirerespeto.**
- **Na nakukuha ng mga pamilya ang lahat ng suportang kailangan nila para matupad nila ang kanilang mga layunin para sa feeding ng kanilang mga sanggol.**

## 10 mga halimbawa kung bakit kami baby-friendly

Ito ang aming mga ginagawa para masigurado na nararamdaman ng lahat ng mga pamilya na sila'y ligtas at may kompiyansang mag-feed sa kanilang mga sanggol.

### Sundin ang baby-friendly policy

Nirerespeto namin kung ano ang feeding na pipiliin ng mga pamilya para sa kanilang mga sanggol. Hinihikayat at sinusuportahan namin ang pagpapasuso o chestfeeding bilang mas mainam na paraan ng feeding sa mga sanggol.

### Pagturo sa staff

Sinisigurado namin na mayroon kaming kaalaman at skills para suportahan ang lahat ng mga pamilya nang matupad nila ang kanilang mga layunin para sa feeding ng kanilang mga sanggol.

### Magplano nang maaga

Nagbibigay kami sa mga pamilya ng impormasyon sa panahon ng pagbubuntis para tulungan silang gumawa ng mga mainam na desisyon tungkol sa kung paano nila gagawin ang feeding sa kanilang mga sanggol.

### Madalas yakapin si baby

Tinutulungan namin ang mga pamilya na magkaroon ng mabuting simula sa feeding. Ginagawa namin ito sa pamamagitan ng ligtas na paglagay sa baby nang skin-to-skin, oras na maaari. Itinataguyod namin ang patuloy na ligtas na skin-to-skin araw-araw para sa unang buwan at pagkatapos noon.

### Matuto kung paano mag-feed

Sinusuportahan namin ang mga pamilya sa mga unang feeding ng kanilang mga sanggol. Tinutulungan namin ang mga pamilya na makilala ang mga unang palatandaan ng pagkagutom, kung paano mag-feed, mga paraan kung paano magpatuloy, at kung ano ang gagawin kung nahihirapan silang mag-feed.

### Ipasuso ang iyong sariling gatas lamang

Ibinabahagi namin ang mga benepisyo ng pag-feed sa mga sanggol ng gatas mula sa suso lamang para sa unang 6 na buwan, maliban kung may mga medikal na dahilan para magbigay ng karagdagang gatas. Para sa mga pamilyang pipiling magbigay ng formula, tutulungan namin silang gawin ito nang ligtas.

### Magkasama

Pinananatili naming magkasama ang mga pamilya at mga sanggol mula pa sa pagsilang, maliban kung may medikal na dahilan para paghiwalayin sila. Nakikipagtulungan kami para ma-reunite ang mga pamilya at ang mga sanggol oras na ito'y medikal na ligtas na gawin.

### Ano ang gagawin kung gutom

Tinutulungan namin ang mga pamilya na malaman nang maaga kung gutom ang kanilang mga sanggol. Ibinabahagi namin kung bakit mainam na simulan ang pagdagdag ng solid foods sa 6 na buwang-gulang. Hinihikayat namin ang mga pamilya na ipagpatuloy ang pagpapasuso o pagpapa-chestfeed hanggang sa 2 taon o higit pa.

### Bigyang-ginhawa si baby

Nagtuturo kami ng mga paraan kung paano bigyang-ginhawa ang mga sanggol, tulad ng ligtas na paghawak skin-to-skin, pagduyan, pag-uusap, at pagkanta. Ipinapaliwanag namin kung paano maaaring maapektohan ng mga botelya ng gatas at ng mga pacifier ang pagpapasuso o chestfeeding. Natutulungan nito ang mga pamilya na magpasiya kung gusto nila itong gamitin.

### Suporta sa komunidad

Nagbibigay kami ng impormasyon sa mga pamilya tungkol sa kung paano makakuha sa kanilang mga komunidad ng patuloy na suporta sa feeding. Sinusuportahan namin ang karapatang magpasuso o mag-chestfeed sa mga sanggol sa mga publikong lugar. Nakikipagtulungan kami sa aming mga komunidad para masuportahan ito.

**Ayos lamang sa amin ang magpasuso o mag-chestfeed kahit kailan, kahit saan.**

Catalogue #266079 (Hunyo 2023) Tagalog
Para sa mga karagdagang kopya: patienteduc.fraserhealth.ca

Photo iStock by Getty
Icons created by Freepik – Flaticon